Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

May kinalaman naman sa Kapasiyahan Blg. 25 ng Sangguniang Barangay ng Barangay Dita ay iminungkahi ni Kag. Dia na ibalik ang kapasiyahan sa Sanggunian at isulit sa kapulungan ang malinaw na katibayan kung sino ang nagmamay-ari ng lupang kinatitirikan ng paaralan. Ang mungkahi ay sinang-ayunan ng kapulungan.

****

APPROVED RESOLUTION No. 338-'95
PROVINCIAL BOARD
Hunyo 28 19 95

KAPASIYAHAN BLG. 50-'95
(Sa mungkahi ni Kag. Dia na pinangalawahan
ni Kag. Tapangco)

ANG KAPASIYAHAN NA NAGPAPATIBAY NG PAGTANGGAP SA MGA DAAN NG DON JOSE ZAVALLA SUBDIVISION na MATATAGPUAN SA BARANGAY POOK AT ANG PAGBIBIGAY PAHINTULOT SA PUNONG-BAYAN NA LUMAGDA SA ANUMANG KASULATAN PARA SA PAGLILIPAT NG PAGMAMAY-ARI NG MGA NABANGGIT NA DAAN SA PAMAHALAANG BAYAN NG SANTA ROSA, LAGUNA.

SAPAGKA'T, ang Don Jose Zavalla Subdivision na matatagpuan sa Barangay Pook, Santa Rosa, Laguna na malaon ng pinaunlad bilang pamahayan bago pa man naitatag ang Housing and Land Use Regulatory Board;

SAPAGKA'T, ang nabanggit na subdibisyon ay hindi nasasakop ng mga batas at alituntunin ng Housing and Land Use Regulatory Board;

SAPAGKA'T, sa pamamagitan ng isang "Barangay Assembly" na idinaos sa Barangay Pook noong Ika-12 ng Pebrero, 1995 at sa pamamagitan din ng Pinagtibay na Kapasiyahan ng Sangguniang Barangay ng Pook ay sama-samang hiniling sa Sangguniang Bayan na matanggap ng pamahalaang bayan ang pagmamay-ari ng mga daan sa kapakinabangan ng nakararaming mamamayan sa nabanggit na lugal;

NGAYON, SAMAKATUWID, sa pamamagitan ng isang mungkahing pinangalawahan ay:

IPINASISIYA, tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA ang pagtanggap sa mga daan ng Don Jose Zavalla Subdivision na matatagpuan sa Barangay Pook at ang pagbibigay pahintulot sa Punong-bayan na lumagda sa anumang kasulatan para sa paglilipat ng pagmamay-ari ng mga nabanggit na daan sa pamahalaang bayan ng Santa Rosa, Laguna.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

ANTONIO B. DICTADO
Pangalawang Punong-bayan

Pinagtibay:

ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

ERIC T. PUZON
Kagawad

JOSE B. CATINDIG, Jr.
Kagawad

ARTURO M. TIONGCO
Kagawad

[illegible] J. DIA
Kagawad

[illegible] C. ALMODOVAR
Kagawad

GIOVANNI T. BUSTAMANTE
Kagawad

ROGELIO L. LIJAUCO
Kagawad

RUFINO P. TAPANGCO
Kagawad

ROMEO P. AALA
Kagawad

RONALD IAN A. DE GUZMAN
Kagawad